
LEVEL 3

# Leveled Reader

in Filipino

# Ang Lihim ng Hari




Isinulat ni Kuzhali Manickavel

Iginuhit ni Emanuele Scanziani

Sinuri ni Efren J. Domingo



Noong unang panahon, may isang Haring may anak na malapad ang mga tainga.



Nahiya ang Hari sa itsura ng prinsipe kaya itinago ito sa isang tagong silid ng palasyo.



Dumating ang panahon na kailangang gawin ang seremonya ng pagpapapagupit sa prinsipe. Ipinatawag ng Hari ang barbero mula sa kabilang kaharian upang palihim na gawin ang seremonya.



Ipinatawag ang barbero sa silid ng Hari.

"Huwag mong sabihin sa iba ang tungkol sa tainga ng prinsipe. Kung hindi, ipatatapon kita sa kulungan," babala ng Hari.



Nangako ang barbero na hindi niya ito ipagsasabi. Lumipas ang mga araw at nagsimulang lumaki ang kaniyang tiyan.

“Kailangan kong masabi ito sa iba, kung hindi sasabog ang aking tiyan!” naisip ng barbero.



Naisip niya ang isang magandang idea. Lumapit ang barbero sa isang matandang puno at ibinulong ang sikreto. Agad na bumalik sa normal na laki ang kaniyang tiyan na nagpagaan sa kaniyang pakiramdam.

“Siguradong iingatan ng puno ang lihim ng Hari,” sabi ng barbero sa sarili.



Makalipas ang ilang araw, dumating ang isang musikerong naghahanap ng magandang kahoy para makagawa ng bagong tambol. Napahinto siya sa mismong harap ng puno na kung saan ibinulong ng barbero ang kaniyang sekreto.



“Ito mismo ang hinahanap ko,” sabi ng barbero habang nakatingin sa puno.



Hindi nagtagal nakagawa na siya
ng bagong tambol.
Agad siyang pumunta sa palasyo
para kumanta sa harap ng Hari.



Natuwa ang tagabantay nang makita ang musikero.

"Tumugtog ka ng isang awit na magpapasaya sa Hari. Hindi maganda ang kaniyang kalooban ngayon," magkakarugtong na sinabi ng bantay.



Biglang tumugtog ang tambol.
"Ako'y may sekretong sasabihin.
Ang anak ng Hari ay may
malapad na tainga."



Mabilis na inagaw ng bantay
ang tambol.
“Walang sinuman ang dapat
makaalam sa sikreto ng Hari!”
babala ng bantay.
“Umalis ka na bago pa may
makahuli sa iyo!” Ngunit huli na
ang lahat.



Narinig ng Hari ang awit at agad na kinuha ang musikero.



Hinila ang kawawang musikero.
“Itapon siya sa kulungan!” galit na utos ng Hari.
“Ngunit hindi siya ang tumugtog,” katwiran ng bantay.
“Ang tambol, mahal na Hari,” dagdag ng bantay.



“Itapon niyo na rin ang tambol sa kulungan!” Dagdag na utos ng Hari.

“At parusahan ang lahat ng nakarinig ng aking lihim.” Nanginginig na utos ng Hari.



"Kung ganoon, mas mabuting itapon ang buong kaharian sa kulungan, mahal na Hari. Dahil alam na ng lahat ang inyong lihim," buong tapang na sinabi ng bantay.




Natigilan ang Hari.
Tumingin siya sa kaniyang
pinagkakatiwalaang bantay.
"Totoo ba ito?" tanong ng Hari.
"Opo, kamahalan," sagot ng
bantay. "Wala kaming sinabi
dahil ayaw naming magalit ka."



Nahiya ang hari.
Naramdaman niya kung gaano siya kalupit sa kaniyang anak na itinago sa loob ng mahabang panahon.



Nag-utos ang Hari na magkaroon ng pagdiriwang para iparada at ipagmalaki ang kaniyang anak sa buong kaharian.
Lahat ay nagsaya at bumati sa batang prinsipe na may malapad na tainga.



Kinabukasan, nagkaroon ng araw ng pahinga ang buong kaharian. Pinangunahan ng mga bantay ang parada na sinundan ng musikerong gamit ang bagong tambol.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation